



NEW MUSLIM
ACADEMY

Paniniwala sa mga
Anghel
ng Allah



Ang paniniwala sa mga anghel ng Allah ay isang pangunahing paniniwala na binanggit sa Banal na Qur'an sa maraming bahagi tulad ng 2:177, 2:285, at 4:136. Ito rin ay isa sa anim na haligi ng pananampalataya tulad ng binanggit ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah). Nangangahulugan ito na upang tayo ay maging isang tunay na naniniwala sa Allah ay dapat nating maunawaan at maniwala sa talatang ito ng pananampalataya.

Tingnan natin kung paano natin ito gagawin...



Paniniwala sa pagkakaroon ng mga Anghel

“Ang Sugo ay naniniwala sa kung ano ang ipinadala sa kanya mula sa kanyang Nag-iisang Panginoon, tulad ng ginagawa ng mga matapat. Lahat sila ay naniniwala sa Allah, sa Kanyang mga Anghel. Kanyang mga Banal na Kasulatan, at sa Kanyang mga Sugo.” [2:285]. Ang pagtanggap sa pagkakaroon ng mga Anghel ay ang pagsalungat sa isang pangunahing bahagi ng Islam. “Sinuman ang hindi naniniwala sa Allah, sa Kanyang mga Anghel, Kanyang mga Banal na Kasulatan, Kanyang mga Sugo, at sa Huling Araw (ang Araw ng Paghuhukom) ay naliligaw sa tamang landas, naliligaw ng landas,” [4:136]

Pangkalahatang Paniniwala

Tulad ng nakasaad, ay dapat tayong maniwala sa pagkakaroon ng mga Anghel nang Allah. Ang paniniwalang ito ay dapat na naaayon sa ipinahayag sa atin ng Allah tungkol sa Kanyang nilikha.

Ipinabatid sa atin ng Allah na ang mga Anghel ay nilikha mula sa liwanag, naninirahan sa mga kalangitan, nagtataglay ng mga pakpak, sumusunod sa Allah, at ginagawa ang Kanyang utos.

Marami sila sa bilang at iba sila sa mga tao. Ang lahat ng kaalamang ito ay nagiging batayan ng ating paniniwala sa artikulong ito ng pananampalataya.



Paniniwala sa mga Detalye

Kasabay nito, may ilang mga aspeto tungkol sa mga Anghel na ibinigay sa atin ng mas detalyado. Bahagi rin ng ating paniniwala na tanggapin at paniwalaan ang mga detalyeng ito.

Ipinaalam sa atin ang pangalan ng ilang mga Anghel tulad ng Anghel na si Gabriel at si Mikael.

Alam din natin ang ilan sa partikular na mga tungkuin at mga responsibilidad ng ilang mga Anghel. Si Gabriel ay pinagkatiwalaan ng mga rebelasyon at si Mikael sa pagbuhos ng ulan.





Paniniwala sa Kanilang mga Katangian

Ipinaalam sa atin ng Allah at ng Kanyang Sugo na si Muhammad (SAWS) ang ilan sa partikular na mga katangian na taglay ng mga Anghel. Sinabi sa atin na ang mga Anghel ay may takot sa Allah, at ginugugol ang kanilang mga araw at gabi sa pagsamba sa Kanya at paglilingkod. Ang ilan sa kanila ay umiikot sa isang bahay sambahan sa kalangitan bilang isang gawaing debosyon. Sila ay isang nilikha na nakatago mula sa ating mga mata at dahil dito, ay hindi natin sila makikita. Ang ilan sa mga Sugo ng Allah ay nakita ang ilang mga Anghel sa kanilang orihinal na anyo tulad nang nakita ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah) ang Anghel na si Gabriel.

Ang Kaugnayan Natin sa mga Anghel

Ang mga Anghel ay nagdadala ng kabutihan at mga biyaya sa kapahintulutan ng Allah sa mga matapat na nananampalataya sa Allah. Tulad nito, ang kanilang presensya ay isang magandang palatandaan at malugod na tinatanggap. Ang mga Anghel ay humihingi ng kapatawaran para sa mga mananampalataya, nananalangin para sa kanila, at naroroon sa panahon ng pagsamba natin sa Allah tulad ng itinakdang limang beses na pang-araw-araw na mga panalangin at ang sama-samang pag-aaral ng Banal na Kasulatan at ng Allah.



Ang Kaugnayan Natin sa mga Anghel

Pinapangalagaan nila ang mga mananampalataya at tinutulungan sila sa panahon ng mga kahirapan, kahit sa panahon ng labanan. Inaalo nila ang mga mananampalataya sa oras ng kamatayan. Dapat nating malaman na ang mga Anghel ay naatasang itala ang ating mga gawa. Magdudulot ito sa atin na magkaroon ng kamalayan sa ating mga pahayag at gawain bawat araw. Sinabi ng Allah, “Na may dalawang Anghel na nakatakdang magtala, isa sa kanyang kanang bahagi at isa sa kanyang kaliwang bahagi. Hindi siya bumibigkas ng isang salita ng walang nakaharap na tagamasid.” [50:17-18]

Ano ang ayaw ng mga Anghel?

Ipinaalam sa atin ni Propeta Muhammad (SAWS) na may ilang mga bagay na ayaw ng mga Anghel at nagsisilbing malayo sila sa atin. Sa gayon, ay dapat nating iwasan ang mga suliraning ito o subukang pagaanin ang mga ito sa abot ng ating makakaya. Sinabi sa atin ni Propeta Muhammad (SAWS) na balisa o hindi komportable ang mga Anghel sa kung ano ang nakakasakit sa mga tao, marumi, mabaho, o nakasusuklam. Dahil dito, sinabi sa atin na huwag pumunta sa bahay-dasalan (Masjid) o sa mga lugar kung saan nagsasama-sama ang mga tao habang ang ating hininga ay amoy hilaw na sibuyas o bawang.

Tiyakin na ang ating kalinisan ay pantay-pantay na hindi lamang mabuti para sa ating pisikal na kapaligiran at panlipunang pakikihalubilo kungdi pati na rin sa ating pang-espiritwal na kapaligiran, kahit na hindi natin sila nakikita.

Sinabi rin sa atin ni Propeta Muhammad (SAWS) na ang mga Anghel ng awa ay hindi pumapasok sa isang tahanan na may mga larawan ng mga buhay na nilalang na nakasabit sa dingding. Ang mga Anghel ng awa ay hindi rin madalas bumisita sa mga tahanan kung saan ang alagang mga aso ay nasa tirahan ng tao maliban kung ang mga asong ito ay naghahatid ng lehitimong layunin tulad ng tumutulong sa gawain, alalay na aso, isang asong tagapastol, kasama sa pangangaso, o asong tagabantay.

Hinihikayat ang mga mananampalataya na manatili sa piling ng mga dalisay at matuwid at huwag makisama sa mga marurumi at masasama. Sa kadahilanang ito, makabubuti sa atin na tiyakin na mag-imbita tayo ng mga Anghel sa paligid natin at hindi mag-imbita ng mga demonyo. Tinuruan din tayong maging mabait at mapagpasalamat sa mga taong pinakikisamahan tayo ng mabuti. Napakaraming kabutihan ang nagagawa ng mga Anghel sa ating buhay, dahil dito, dapat nating pahalagahan ito at huwag silang saktan.

Pangalagaan ka nawa ng
Allah at ang Kanyang mga
Anghel ay mapasa-iyo.
Aameen



